# Maaari Kang Makakuha ng Tulong sa Sakuna

**Ang FEMA at ang pamahalaan ng estado, teritoryo o tribo ay maaaring magbigay ng direkta at pinansyal na tulong sa sakuna sa mga citizen ng U.S., hindi citizen na national at kuwalipikadong hindi citizen.**

Maaaring kasama sa tulong ang pera para sa pansamantalang tulong sa upa, mga pagkukumpuni sa tirahan, pagkawala ng personal na ari-arian, medikal na gastusin, gastusin sa pagpapalibing at iba pang malulubhang pangangailangan o gastusing nauugnay sa sakuna na hindi saklaw ng insurance o iba pang mga mapagkukunan.



**Citizen** – Sinumang ipinanganak sa U.S.; isang taong ipinanganak sa labas ng U.S. sa kahit isang magulang na taga-U.S.; o isang na-naturalize na citizen.

**Hindi Citizen na National** – Isang taong nasa lugar na pag-aari ng U.S. (iyon ay, American Samoa o Swain's Island) noong o pagkatapos ng petsang makuha ng U.S. ang lugar, o isang indibidwal na ang mga magulang ay mga hindi citizen na national ng U.S. Ang lahat ng citizen ng U.S. ay mga national ng U.S., ngunit hindi lahat ng national ng U.S. ay citizen.

Dapat kumonsulta ang mga indibidwal sa isang eksperto sa imigrasyon upang maberipika kung natutugunan nila ang mga iniaatas sa katayuang pang-imigrasyon para sa tulong sa sakuna ng FEMA.

**Kabilang sa Kuwalipikadong Hindi-citizen ang**

- Mga Legal na Permanenteng Residente (**mga may hawak ng "Green Card"**m
- Mga hindi citizen na **binigyan ng asylum**
- Mga refugee
- Mga hindi citizens na ang **deportation status (nasa katayuan na pinaaalis sa Estados Unidos) ay kasalukuyang hinahawakan ng hindi bababa sa isang taon**
- Mga hindi citizen na naka-parole sa U.S. ng hindi bababa sa **isang taon para sa mga layuning pangkawanggawa o malaking kapakinabangan sa lipunan**
- Mga pumasok sa bansa na Taga-Cuba/Taga-Haiti
- Mga partikular na **hindi mamamayan na nakakaranas ng karahasan o kanilang mga asawa o anak**
- Mga partikular na biktima ng **malulubhang uri ng human trafficking (pagkalakal ng tao), kabilang ang mga taong may visa na "T" o "U"**

**Kung hindi natutugunan ng aplikante ang pagkamamamayan o katayuang pang-imigrasyon sa panahon ng aplikasyon, maaari pa ring mag-apply ang sambahayan para sa ilang uri ng pederal na tulong kung:**

- Ang magulang o legal na tagapag-alaga ng menor na bata na isang citizen ng U.S., hindi citizen na national o kuwalipikadong hindi citizen ay mag-a-apply para sa tulong sa ngalan ng menor na bata, hangga't **nakatira sila sa parehong sambahayan. Kailangang mag-apply ng magulang o legal na tagapag-alaga bilang kasamang aplikante, at ang menor na bata ay kailangang wala pang 18 taong gulang noong nangyari ang sakuna.**

Lahat ng indibidwal, anuman ang pagkamamamayan at katayuang pang-imigrasyon, na apektado ng malaking sakuna**ay maaaring maging karapat-dapat para sa tulong ng pagpapayo sa panahon ng krisis, mga legal na serbisyo sa sakuna, pamamahala ng kaso sa panahon ng sakuna, programa ng karagdagang tulong sa nutrisyon sa panahon ng sakuna at iba pang mga programang hindi pera na ibinibigay na tulong pang-emerhensya sa sakuna.** Kabilang sa mga ito ang medikal na pangangalaga, masisilungan, pagkain at tubig.

FEMA